
# WEEKLY LEARNING PLAN

<table>
<tr><td>Quarter</td><td colspan="2">1</td><td>Grade Level</td><td>5</td></tr>
<tr><td>Week</td><td colspan="2">6</td><td>Learning Area</td><td>FILIPINO</td></tr>
<tr><td>MELCs</td><td colspan="4">Naisasalaysay muli ang napakinggang teksto gamit ang sariling salita</td></tr>
<tr><td>Day</td><td>Objectives</td><td>Topic/s</td><td>Classroom-Based Activities</td><td>Home-Based Activities</td></tr>
<tr><td>1</td><td>1. Natutukoy ang mahahalagang impormasyon mula sa napakinggang teksto;<br>2. Naisasalaysay muli ang napakinggang teksto gamit ang sariling salita; at<br>3. Nabibigyang-halaga ang pagsasalaysay muli gamit ang sariling salita sa napakinggang teksto.</td><td>Pagsasalaysay Muli sa Napakinggang Teksto Gamit ang Sariling Salita</td><td>BALIKAN<br><br>Ipabasa ang tula at pakinggang mabuti ang mahahalagang impormasyon.<br><br>Pagkatapos, punan ang tsart sa ibaba.<br><br>Kalikasan ating Pangalagaan<br><br>Kahit saang dako ibaling ang tingin<br>Kasaganaan ng paligid ating mapapansin<br>Mga biyayang kaloob ng Diyos sa atin.<br>Nakalulungkot lang isipin,<br>Hangad ng iilan ito ay sirain.<br><br>Ating kabuhayan nagmula sa kalikasan.<br><br>Ipinagkaloob ng Maykapal kaya't ating alagaan.<br>Tayo'y magkaisa't ating pagyamanin,<br>Ating alagaan biyayang kaloob sa atin.<br><br>Programa ng pamahalaan isulong, pagyamanin.<br>Waste segregation pag-ibayuhin at paigtingin.<br>Mga basura sa tahanan nawa'y limitahin,<br>Reuse, reduce, recycle ating pag-ibayuhin.<br><br>- Mercia C. Gilbuena<br>DepEd Borongan City<br><br>Punan ang tsart ng hinihinging impormasyon mula sa napakinggang tula.<br><br><table><tr><td>Pamagat ng tula</td><td></td></tr><tr><td>Mga ipinagkaloob ng Maykapal</td><td></td></tr><tr><td>Mga dapat pag-ibayuhin</td><td></td></tr><tr><td>May akda ng tula</td><td></td></tr></table><br>TUKLASIN<br><br>Pakinggang mabuti ang talata. Isalaysay ang kuwento sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong sa susunod na pahina.</td><td>Sagutan ang sumusunod na Gawain sa Pagkatuto Bilang ______ na makikita sa Modyul FILIPINO 5.<br><br>Isulat ang mga sagot ng bawat gawain sa Notebook/Papel/Activity Sheets.<br><br>Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul)</td></tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Ang magkaibigang Ana at Lina ay tahimik na nagbabasa ng aklat sa loob ng silid-aklatan. Kailangan nilang tapusin ang ibinigay na takdang-aralin ng kanilang guro sa Filipino. Pagkatapos ng tatlumpong minuto ay dali-daling lumabas ang magkaibigan. Sa wakas, natapos din nila ang ipinapagawa ng kanilang guro. Nagpasya silang pumunta sa kantina upang bumili ng makakain. Habang naglalakad ay may narinig silang tila ungol ng aso. Dagli nilang hinanap ang pinanggalingan ng tunog. Sa dakong hardin ng paaralan, may nakita silang dalawang tuta na nahulog sa kanal. Mabilis na tumakbo si Ana upang humingi ng tulong.<br><br>Nakasalubong ni Ana ang kanilang guro sa P.E. na si G. Año. Sa kaniya siya humingi ng tulong. Sabay nilang pinuntahan ang kinaroroonan ng kaniyang kaibigang si Lina. Nasa kanal pa rin ang dalawang tuta. Tinulungan sila ni G. Año na mailigtas ang mga tuta. Tuwang-tuwa ang magkaibigan nang makuha mula sa kanal ang dalawang tuta.<br>- *Gesille G. Grande*<br>*DepEd Borongan City Division*<br><br>Mga tanong:<br>1. Sino-sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?<br><br>2. Ano-ano ang ginawa ng magkaibigan sa araw na iyon?<br><br>3. Ano ang narinig ng dalawang magkaibigan?<br><br>4. Sino ang tumulong kina Lina at Ana?<br><br>5. Kung ikaw ay isa sa magkaibigan, gagawin mo rin ba ang kanilang ginawa? Bakit? | |
| 2 | 1. Natutukoy ang mahahalagang impormasyon mula sa napakinggang teksto;<br>2. Naisasalaysay muli ang napakinggang teksto gamit ang sariling salita; at<br>3. Nabibigyang-halaga ang pagsasalaysay muli gamit ang sariling salita sa napakinggang teksto. | Pagsasalaysay Muli sa Napakinggang Teksto Gamit ang Sariling Salita | **SURIIN**<br><br>Ang kakayahang makapagsalaysay muli ay isang patunay na may nakuhang bagong kaalaman ang isang indibidwal mula sa kanyang pakikinig.<br>Ang pakikinig ay isang aktibong gawain na may nagaganap na pagpoproseso sa isip ng tagapakinig na kung saan nabibigyang kahulugan ang mga tunog at salita. Mahalaga ang pakikinig sa bawat gawaing isinasagawa na may kaugnayan sa paglinang nito sa kadahilanang:<br>a. nagiging matagumpay ang tao sa anumang larangan ng buhay;<br>b. magkakaroon ng kabisaan ang pakikipagkomunikasyon sa iba't ibang sitwasyon; | Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul)<br><br>File created by DepEdClick |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | c. napapalawak ang kaalaman sa iba't ibang<br>bagay; at<br>d. nauunawaan at naigagalang ang kapwa nang<br>sa gayon ay igalang ka rin ng iba.<br>Ang pagsasalaysay muli ay ang kakayahang<br>maihatid ang naisip o nadarama sa napakinggang<br>teksto gamit ang sariling salita. Mahalagang<br>maunawaan ang pinakikinggan nang sa gayon ay<br>matututuhan mo ang nilalaman ng teksto. | |
| 3 | 1. Natutukoy ang mahahalagang impormasyon mula sa napakinggang teksto;<br>2. Naisasalaysay muli ang napakinggang teksto gamit ang sariling salita; at<br>3. Nabibigyang-halaga ang pagsasalaysay muli gamit ang sariling salita sa napakinggang teksto. | Pagsasalaysay Muli sa Napakinggang Teksto Gamit ang Sariling Salita | **PAGYAMANIN**<br><br>Pakinggan ang teksto at isalaysay muli ang mahahalagang pangyayari sa iyong sariling salita. Gamiting gabay ang balangkas sa ibaba. Ibahagi ang sagot sa<br>mga kaklase sa pamamagitan ng text message gamit ang cellphone o chat sa messenger.<br><br>A. Kahulugan ng Padul-ong<br>B. Nakapaloob sa Selebrasyon<br>C. Mga Pinangyayarihan ng Pagdiriwang<br>D. Paglalarawan sa Selebrasyon ng kanilang Pista<br><br>**Ang *Padul-ong Festival***<br>*Gesille G. Grande*<br>Ang *Padul-ong Festival* ay isang selebrasyon at tradisyon na ipinagdiriwang ng mga taga-Borongan bilang pagpupugay sa Mahal na Birheng Maria, ang patron ng siyudad ng Borongan. Ito ay ang kuwento ng misteryosong pagdating ng imahe ng Birheng Maria mula sa Portugal na sinasabing may pagkakaugnay sa babaeng nakaputi na madalas na nakikita sa *Hamorawon Spring* na pinaniniwalaang nagbibigay ng tubig na misteryosong nakagagamot sa mga residente dito noong unang panahon. Ipinagdriwang ang *Padul-ong Festival* tuwing ika-7 ng buwan ng Setyembre, isang araw bago ang piyesta ng lugar. Tinawag itong *Padul-ong* mula sa salitang Waray-Waray na *dul-ong* na ang ibig sabihin ay paghatid.<br>Ang *Padul-ong Festival* ay nagsisimula mula sa malayong barangay ng Punta Maria sa pamamagitan ng isang misa na dinadaluhan ng Hermana at mga deboto ng simbahan. Pagkatapos ng misa, inihahatid ang imahe ng Birhen sa pantalan ng Rawis na isinasakay sa isang malaking bangka. May mga Boronganon na nag-aabang sa pantalan sa pagdating ng Birhen. Dito na nagsisimula ang parada na sinasalihan ng iba't ibang institusyon ng siyudad. Makikita sa paradang ito ang makukulay na mga kasuotan mula sa mga kalahok nito. Magarbo ang selebrasyon ng pagdiriwang nito. Inihahatid ang imahe sa simbahan ng *Nativity of Our Lady* na nasa sentro ng Borongan. Pagkatapos ng parada ay makikita ang iba't ibang pagtatanghal na naglalarawan ng kuwento tungkol sa misteryosong pagdating ng Birheng Maria sa Siyudad ng Borongan.<br><br>Pinagkaguluhan sa parke ang mga kuneho. Maraming bata ang gustong humawak sa mga ito. Binuksan nila ang pintuan na nasa bahaging itaas ng kulungan para makakilos ng maayos sa loob ang mga kuneho at mahawakan ito ng mga bata. Pagkatapos sa parke, dumaan ang pamilya nina Emry at Elwyn sa restoran. Binilhan nila ng gulay na kangkong ang kanilang mga alaga. Habang kumakain sila ng hapunan, sumasabay din ang mga kuneho sa kanila. Natutuwang nanonood sa kanila ang ibang parokyano ng restoran. Pagkatapos nilang kumain, napagpasyahan nilang umuwi na ng bahay para makapagpahinga silang lahat.<br><br>Mga Tanong: | Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | 1. Sa iyong sariling salita, ilarawan ang tatlong kuneho.<br>2. Isalaysay ang mahahalagang pangyayari sa tatlong kuneho.<br>3. Bakit maraming bata ang gustong humawak sa mga kuneho?<br>Patunayan ang iyong sagot.<br>4. Magbigay ng patunay na mahal na mahal ng magkapatid na Emry at<br>Elwyn ang kanilang mga alagang kuneho.<br>5. Paano mo mabibigyang halaga ang pagkakaroon ng alagang hayop.<br>Magbigay ng tatlong halimbawa. | |
| 4 | 1. Natutukoy ang mahahalagang impormasyon mula sa napakinggang teksto;<br>2. Naisasalaysay muli ang napakinggang teksto gamit ang sariling salita; at<br>3. Nabibigyang-halaga ang pagsasalaysay muli gamit ang sariling salita sa napakinggang teksto. | Pagsasalaysay Muli sa Napakinggang Teksto Gamit ang Sariling Salita | **ISAISIP**<br><br>Ang pagsasalaysay muli sa napakinggang teksto ay isang gawain na<br>nagpapatunay na may natutunan tayong<br>kaalaman mula sa ating napakinggang<br>impormasyon saan man ito nakuha. Ang<br>pagsasalita o pagsasalaysay ay ang<br>kakayahang maihatid sa pamamagitan ng<br>mga salitang nauunawaan ng kausap at sa<br>pamamagitan ng wika na karapat-dapat<br>hindi lamang sa nagsasalita kundi maging<br>sa kausap man.<br><br>**ISAGAWA**<br><br>Nasunod mo ba ang mga pagsasanay<br>kaibigan? Nagamit mo ba ang iyong sariling<br>salita sa pagsasalaysay? Ngayon, ating<br>ipagpatuloy ang paglalakbay.<br><br>Mga Tanong:<br>1. Sa iyong sariling salita, ilarawan ang tatlong kuneho.<br>2. Isalaysay ang mahahalagang pangyayari sa tatlong kuneho. | Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | 3. Bakit maraming bata ang gustong humawak sa mga kuneho?<br>Patunayan ang iyong sagot.<br>4. Magbigay ng patunay na mahal na mahal ng magkapatid na Emry at<br>Elwyn ang kanilang mga alagang kuneho.<br>5. Paano mo mabibigyang halaga ang pagkakaroon ng alagang hayop.<br>Magbigay ng tatlong halimbawa. | |
| 5 | 1. Natutukoy ang mahahalagang impormasyon mula sa napakinggang teksto;<br>2. Naisasalaysay muli ang napakinggang teksto gamit ang sariling salita; at<br>3. Nabibigyang-halaga ang pagsasalaysay muli gamit ang sariling salita sa napakinggang teksto. | Pagsasalaysay Muli sa Napakinggang Teksto Gamit ang Sariling Salita | **TAYAHIN**<br><br>Ipabasa at pakinggang mabuti ang tula.<br><br><br>**Panginoon**<br><br>Buhay ko noon sadyang napakahirap<br>Halos lahat ng pagsubok aking hinaharap<br>Mga mata'y naging bulag<br>Dahil walang makitang liwanag.<br><br>Pagsubok sa buhay hindi makayanan<br>Kahapisan at kahirapan hindi maiiwasan<br>Pagod na katawan aking nararamdaman<br>Ang ilalim ng puno ginawang pahingahan.<br><br>Isang gabi, dumating ka sa aking panaginip<br>Dala mong pag-ibig ako'y napaisip<br>Panginoon, hindi ka ba nawawala sa inyong paroroonan?<br>Nagtatanong dahil hindi inaasahan.<br><br>Sadyang dumulog ka sa akin<br>Para ibigay ang pag-asa mandin<br>Pagtitiwala aking gagawin<br>Upang buong buhay ko'y iyong mamahalin.<br><br>Pagmamahal mo'y aking naramdaman<br>Aking puso'y puno ng kaligayahan<br>Maraming biyaya aking napansin<br>Lahat pala ay ibinigay mo na sa akin.<br><br>Ngayon ko lang naalintana<br>Buhay ko pala'y masagana<br>Pag-aalaga at pagmamahal iyong ipinadama<br>Sa akin na nawalan ng pag-asa.<br><br>Sa likod pala ng aking kahirapan<br>Totoong hindi mo ako iniwan<br>Kahirapan sa aking buhay ay pagsubok lamang<br>Kung hanggang saan ang aking tapang.<br><br>Maraming salamat Panginoon sa bigay mong pag-asa<br>Buhay ko ngayon iyo'y pinagpala<br>Pagpapatawad mo sa akin iyo'y ibinigay<br>Dahil ako'y mahal mong tunay.<br><br>- *Celerina P. Balein*<br>*DepEd Borongan City Division*<br><br>Bigyang-halaga at sagutin ang mga sumusunod na tanong batay sa napakinggang tula.<br>1. Ano ang nais ipabatid ng tula?<br>2. Bakit sinabi ng may-akda na ang mga mata niya'y naging bulag?<br>3. Paano napagtanto ng may-akda na hindi siya pinabayaan ng Panginoon?<br>4. Ano kaya ang ipinagpapasalamat ng may-akda sa huli nitong bahagi?<br>5. Magbigay ng mga pagkakataon sa iyong buhay na nagpapakita ng pagmamahal ng Panginoon sa iyo. | Sagutan ang Pagtataya na matatagpuan sa pahina ____. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
<td>
Rubriks sa Pagsasalaysay ng Tekstong Napakinggan<br>
Lagyan ng (/) ang kolum batay sa iyong pagsusuri sa gawain.
<table>
<tr><th></th><th>Napakahusay<br>4</th><th>Mahusay<br>3</th><th>Katamtaman<br>2</th><th>Nangangailangan ng Pagpapabuti<br>1</th><th>Isk</th></tr>
<tr><td>Nakagagamit ng sariling salita sa pagsasalaysay</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Malinaw at organisado ang pagsasalaysay</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Nasagot nang tama ang gabay na mga tanong</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kakikitaan nang kahusayan sa pagsasalita</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>May kumpyansa sa sarili habang nagsasalaysay</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td></td>
</tr>
</table>

**WEEKLY LEARNING PLAN**

<table>
<tr><td>Quarter</td><td colspan="2">1</td><td>Grade Level</td><td>5</td></tr>
<tr><td>Week</td><td colspan="2">6</td><td>Learning Area</td><td>AP</td></tr>
<tr><td>MELCs</td><td colspan="4">Nasusuri ang sosyo-kultural at politikal na pamumuhay ng mga Pilipino<br>a. sosyo-kultural (e.g. pagsamba (animismo, anituismo, at iba pang ritwal, pagbabatok/pagbabatik , paglilibing (mummification primary/ secondary burial practices), paggawa ng bangka e. pagpapalamuti (kasuotan, alahas, tattoo, pusad/ halop) f. pagdaraos ng pagdiriwang b. politikal (e.g. namumuno, pagbabatas at paglilitis)</td></tr>
<tr><td>Day</td><td>Objectives</td><td>Topic/s</td><td>Classroom-Based Activities</td><td>Home-Based Activities</td></tr>
<tr><td>1</td><td>A. Makasusuri sa sosyo-kultural at politikal na pamumuhay ng mga Pilipino<br>B. Makasusulat ng isang sanaysay na nagpapakita ng sosyo-kultural na pamumuhay ng mga Pilipino; at<br>C. Makapagpapahalaga sa sosyo-kultural at politikal na pamumuhay ng mga Pilipino.</td><td>Sosyo-Kultural at Pampolitikang Pamumuhay ng mga Sinaunang Pilipino</td><td>SUBUKIN<br><br>Panuto: Kumuha ng isang pirasong papel at sagutin ang mga tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot.<br>1. Alin sa mga sumusunod ang HINDI kalagayan o sitwasyon ng Pilipinas noong prekolonyal o bago dumating ang mga mananakop?<br>A. may sariling teritoryo<br>B. may sariling pamahalaan<br>C. may pananampalatayang Kristiyano<br>D. may sistema ng pagbasa at pagsulat<br>2. Ano ang paniniwala ng ating mga ninuno na ang tao, hayop, halaman, bato, tubig, at kalikasan ay may kaluluwa?<br>A. Animismo<br>B. Islam<br>C. Judismo<br>D. Kristyanismo<br>3. Alin sa mga sumusunod ang sinisimbolo ng tattoo o batuk sa katawan?<br>A. Kaayusan<br>B. Kabaitan<br>C. Katalinuhan<br>D. Kagitingan at kagandahan<br>4. Ano ang tawag sa tagapayo at katulong ng sultan sa pagpapatupad ng batas?<br>A. Adat<br>B. Hariraya<br>C. Ruma Bichara<br>D. Zakat</td><td>Sagutan ang sumusunod na Gawain sa Pagkatuto Bilang ______ na makikita sa Modyul AP 5 Ika-apat na Markahan.<br><br>Isulat ang mga sagot ng bawat gawain sa Notebook/Papel/Activity Sheets.<br><br>Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul)</td></tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | 5. Ano ang ginagawa ng mga barangay para maiwasan ang di pagkakaunawaan at awayan?<br>A. nagkaroon sila ng isang paligsahan<br>B. kapwa sila nanalangin sa mga diyos upang maiwasan ang gulo<br>C. sakupin ang ibang barangay upang maging tagasunod ng kanilang datu<br>D. nakipagkasundo ang mga barangay sa isa't isa sa pamamagitan ng sandugo<br>6. Anong kulay ng kangan ang isinusuot ng datu?<br>A. asul<br>B. berde<br>C. itim<br>D. pula<br>7. Anong uri ng pamahalaan ang itinatag ng mga Muslim sa Mindanao?<br>A. pamahalaang lokal<br>B. pamahalaang lalawigan<br>C. pamahalaang sultanato<br>D. pamahalaang pambarangay<br>8. Alin sa mga sumusunod ang HINDI inihahanda ng pamilya para sa kanilang miyembro na yumao at ililibing?<br>A. paglilinis sa katawan<br>B. pagpapadala ng pera at pagkain<br>C. pagbibihis ng magarang kasuotan<br>D. paglalagay ng langis sa katawan<br>9. Sino ang nangunguna sa pagsasagawa ng mga ritwal ng mga Bisaya na pinaniniwalaang tagapamagitan sa mundo, diyos at yumao?<br>A. babaylan<br>B. ganbanes<br>C. pari<br>D. pomares<br>10. Ang mga sumusunod ay batas ng Pamahalaang Sultanato MALIBAN sa isa. Alin dito?<br>A. Adat<br>B. Sharia<br>C. Qur'an<br>D. Ulama | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | **BALIKAN**<br><br>Panuto: Sagutin ng TAMA kung ang pangungusap sa ibaba ay tama, at MALI naman kung ang mga ito ay hindi wasto.<br>______ 1. Naging tanyag at sentro ng kalakalan sa bansa ang Maynila.<br>______ 2. Metalurhiya ang tawag sa gawaing pang ekonomiko na gumagawa ng mga<br>bagay na mula sa metal tulad ng ginto.<br>______ 3. Ang plastik ay ginagamit sa paggawa ng mga palamuti tulad ng pulseras at hikaw noong pre-kolonyal.<br>______ 4. Ang kristal ay dalang produkto ng mga Tsino sa bansa.<br>______ 5. Kung ikaw ay nabuhay noong pre-kolonyal at ang iyong trabaho ay paggawa ng mga sandata mula sa bakal, karpentero ang tawag sa iyo. | |
| 2 | A. Makasusuri sa sosyo-kultural at politikal na pamumuhay ng mga Pilipino<br>B. Makasusulat ng isang sanaysay na nagpapakita ng sosyo-kultural na pamumuhay ng mga Pilipino; at<br>C. Makapagpapahalaga sa sosyo-kultural at politikal na pamumuhay ng mga Pilipino. | Sosyo-Kultural at Pampolitikang Pamumuhay ng mga Sinaunang Pilipino | **TUKLASIN**<br><br>Panuto: Kumuha ng isang kalahating papel at sagutin ang mga tanong na nasa ibaba. Titik lamang ang isulat.<br>1. Ito ay isang yunit na pampolitika, panlipunan, at pangkabuhayan noong sinaunang<br>panahon sa Pilipinas.<br>A. bansa<br>B. barangay<br>C. lungsod<br>D. sultanato<br>2. Nagbubuklod-buklod ang mga barangay at bumuo ng alyansa sa pamamagitan ng_______________.<br>A. pagdiriwang<br>B. pag-iinuman<br>C. paligsahan<br>D. sanduguan<br>3. Ang kaunaunahang Arabeng Muslim na nagtatag ng pamahalaang Sultanato sa Sulu noong 1450.<br>A. Sharif ul-Hashim o Sayyid Abu Bakr | Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul)<br><br>File created by DepEdClick |

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
<td>B. Karim Ul-Makdum<br>C. Tuan Masha'ika<br>D. Raja Baginda<br>4. Ang Sultanato ay isang sistema ng pamahalaan na batay sa katuruan ng ________.<br>A. Animismo<br>B. Islam<br>C. Judismo<br>D. Katoliko<br>5. Upang maging isang datu, kailangang ikaw ay kabilang sa pinakamataas na antas ng lipunan, at kung sultan naman, kailangang ikaw ay_____________.<br>A. matapang at mayaman<br>B. magaling gumawa ng batas<br>C. galing sa angkan ni Muhammad<br>D. galing sa pinakamataas na antas ng lipunan<br><br>Gawain B.<br>Naranas ng mga mamamayang Pilipino ang “Community Quarantine“ dahil sa pandemya ng COVID- 19. Dahil dito maraming mga pagbabago sa pamumuhay ang naranasan ng mga Pilipino. Anong pagbabago sa pamamaraan ng buhay at sistema ng mga batas ang inyong nararanasan? Isulat sa tamang hanay ang inyong sagot. Gawin ito sa sagutang papel.<br><br>
<table>
<tr><th>Pagbabago sa Pamamaraan ng Buhay</th><th>Pagbabago sa Politikal na Pamumuhay</th></tr>
<tr><td></td><td></td></tr>
</table>
<br>SURIIN<br>Ang kagalingan sa larangan ng sining, paniniwala, pakikipagkapwa-tao at pag-aaral ng pag-uugali ng tao ay tinatawag na kalinangang sosyo-kultural. Makikita ang pamamaraan ng pamumuhay sa kasaysayan, modernisasyon at teknolohiya ng isang bansa. Ang ating mga ninuno ay sumasamba sa kalikasan, katulad ng kahoy, ilog, araw, bato, at iba pa dahil</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | naniniwala sila na ang mga ito ay may kaluluwa. Tinatawag na animismo ang paniniwalang. Pinapahalagahan ng ating mga ninuno ang kanilang mga patay. Bago pa ilibing ang bangkay, ito ay nililinis muna, lalagyan ng langis, at bihisan ng magarang kasuotan.Pinapabaunan din ang bangkay ng mga kasangkapan katulad ng seramika at mga palamuti upang may magamit siya sa kabilang buhay.Matapos malibing at matuyo na ang mga buto ng bangkay, ito ay huhukayin at isisilid sa banga.<br><br>Sa Bisayas, ang mga ninuno natin ay nagsusuot ng mga palamuti katulad ng ginto katulad ng pomares na isang alahas na hugis rosas, at gambanes na isang gintong pulseras na isinusuot sa braso at binti. Ginagamit din ang ginto bilang palamuti sa ngipin. Naglagay din sila ng mga tattoo sa katawan bilang simbolo ng kagitingan at kagandahan.<br><br>Ang mga ninuno natin ay nagsagawa ng ibat-ibang ritwal at pagdiriwang katulad ng Pag-anito at Pandot. Ang pag-anito ay pagbibigay alay sa mga anito, at ang pandot naman ay isang pampamayanang alay na isinagawa sa puno ng balete. Ang mga ritwal ay pinangunahan ng mga Katalonan (sa mga Tagalog) at Babaylan (sa mga Bisaya). Sila ang katumbas ng mga pari sa ngayon.<br><br>Ang kasuotan ng ating mga ninuno ay batay sa kanilang katayuan sa buhay. Ang Datu ay nagsusuot ng pulang kangan, habang asul o itim naman ang mga mas mababa pa kay sa Datu. Upang maging isang datu, kailangang ikaw ay kabilang sa pinakamataas na antas ng lipunan, at kung sultan naman, kailangang ikaw ay galing sa angkan ni Muhammad. Ang mandirigmang nagsusuot ng pulang putong ay nagpapahiwatig na nakapatay na siya ng isang tao, at Burdadong Putong naman para sa mga nakapatay na ng pito o mahigit pa. Ang mga | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | kababaihan ay nagsusuot ng baro, kasuotang pang-itaas at saya ng mga Tagalog at patadyong ng mga Bisaya na isang maluwag na palda na isinusuot pang –ibaba. Kilala sa Mindanao ang Tribong B'laan sa pagsusuot ng pang-itaas na damit na tinatawag na Saul Laki at ang kanilang pang-ibabang kasuotan ay tinatawag na Salwal B'laan. Ang mga kababaihan ay nagsusuot ng pang-itaas na damit na kung tawagin ay Saul S'lah at ang kanilang pangibabang kasuotan ay tinatawag na Dafeng.Ang mga Maranao ay kilala sa kanilang tradisyunal na kasuotan na tinatawag na Malong. Ito ay malaki at makulay na tela na isinusuot sa pamamagitan ng pagtapis sa katawan.<br><br>Ang mga ninuno natin ay kilala sa paggawa ng mga sopistikadong mga bangka. Matitibay, matutulin, at hinahangaan ang mga bangkang nagmula sa Pilipinas, katulad ng natagpuan sa Butuan. Ito ay pinagbuklod lang ng tinatawag na "wooden peg" hindi ng pako. Maraming mga lumang bangka ang nahukay ng mga eksperto sa Pilipinas. Ang mga bangkang ito ay tinawag ni Antonio Pigafetta, isang historyador na "Balangay".<br><br>Ang mga sinaunang Pilipino ay may sariling paraan ng pamumuno at mga batas bago pa man dumating ang mga Espanyol. May dalawang uri ng pamahalaan na umiiral sa sinaunang panahon sa Pilipinas-ang barangay at sultanato. Datu ang tawag sa namumuno sa isang barangay at sultan naman ang tawag sa namuno sa isang sultanato. Higit na mas malaki ang sakop ng sultanato kaysa baranggay. Katulong ng datu ang Lupon ng Matatanda sa paggawa at pagpatupad ng batas, habang katulong naman ng sultan ang Ruma Bichara na kanyang tagapayo. | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | May dalawang uri ng batas ang umiiral sa isang barangay-ang Batas na Nakasulat at Batas na Hindi Nakasulat. Napaloob sa batas na nakasulat ang mga usapin tungkol sa deborsiyo, krimen, pagmamay-ari ng ari-arian, at iba pa. Sa hindi nakasulat na batas, nakasulat ang tungkol sa mga tradisyon, paniniwala, at kaugalian. Nakipagkasundo ang mga baranggay sa isat-isa para sa kapayapaan at kalakalan sa pamamagitan ng sanduguan. Ang sanduguan ay isinasagawa sa pamamagitan ng paghiwa sa bisig gamit ang punyal at pagpapatulo ng dugo sa kopang may alak. Ang pag-inom ng magkabilang panig sa pinaghalong alak at dugo ay nagsisilbing simbolo ng kanilang pagkakaibigan.<br><br>Ang batas ng sultanato ay batay sa tatlong Sistema. Ang una ay ang Adat , ang batas tungkol sa tradisyon. Ikalawa ay ang Sharia, ang batas na naaayon sa paniniwalang Islam. Ikatlo ay ang Qur'an, ang banal na aklat ng Islam. Si Sharif ul-Hashim o Sayyid Abu Bakr na isang Arabe ang kauna-unahang nagtatag ng pamahalaang sultanato sa Sulu noong 1450. | |
| 3 | A. Makasusuri sa sosyo-kultural at politikal na pamumuhay ng mga Pilipino<br>B. Makasusulat ng isang sanaysay na nagpapakita ng sosyo-kultural na pamumuhay ng mga Pilipino; at<br>C. Makapagpapahalaga sa sosyo-kultural at politikal na pamumuhay ng mga Pilipino. | Sosyo-Kultural at Pampolitikang Pamumuhay ng mga Sinaunang Pilipino | **PAGYAMANIN**<br><br>Pag-ugnay sa Kasalukuyang Sitwasyon<br><br>Gawain A.<br>Panuto: Sumulat ng isang sanaysay sa loob ng kahon na naglalarawan tungkol sa iyong karanasan ng Community Quarantine na nagdulot ng pagbabago sa inyong pamumuhay.<br><br>[ ]<br><br>Gawain B.<br>Panuto: Upang magkaroon ng kaayusang panlipunan, tayong mga mamamayan ay dapat | Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | pahalagahan ang mga batas na ipinatutupad. Isulat sa sagutang papel ang tsek (✔) ang pahayag sa ibaba kung ito ay nagpapakita ng pagtupad sa mga batas, ekis (✖)<br>kung hindi nagpapakita ng pagtupad sa mga batas.<br>1. Nagsusuot ng mask kapag lumalabas sa bahay.<br>2. Umiinom ng alak habang nasa community quarantine.<br>3. Nasa loob ng bahay sa oras ng curfew.<br>4. Sumusunod sa utos ng pamahalaan na stay at home.<br>5. Dikit-dikit ang mga tao sa pampublikong lugar habang nasa community quarantine. | |
| 4 | A.<br>Makasusuri sa sosyo-kultural at politikal na pamumuhay ng mga Pilipino<br>B.<br>Makasusulat ng isang sanaysay na nagpapakita ng sosyo-kultural na pamumuhay ng mga Pilipino; at<br>C.<br>Makapagpapahalaga sa sosyo-kultural at politikal na pamumuhay ng mga Pilipino. | Sosyo-Kultural at Pampolitikang Pamumuhay ng mga Sinaunang Pilipino | **ISAISIP**<br><br>Panuto: Buuin ang talata. Piliin ang sagot sa kahon at isulat ito sa sagutang papel.<br><br>Tatlong / Barangay at sultanato<br>Sultan / Datu<br>Baro at saya / Animismo<br>Pomaras / Kangan<br>Banga / Sanduguan<br><br>Maraming natatanging kaugalian ang mga sinaunang Pilipino. Sa pananamit, ang kalalakihan ay nagsuot ng pantaas na damit na tinatawag na (1) ___________ at ang kababaihan ay nagsuot ng (2) __________ at _________. Sa palamuti naman ang ating mga ninuno ay nagsuot ng isang alahas na hugis rosas na tinatawag na (3) ______________. Sa kaugalian sa paglilibing kung ang buto ng bangkay ay natutuyo na, ito ay huhukayin at isisilid sa (4)____________. Naniniwala din ang mga sinaunang Pilipino na may espiritung nananahan sa kanilang kapaligiran.Ang tawag sa paniniwalang ito ay (5)_____________. | Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Mula sa mga natatag na mga pamayanan ay umusbong ang pangangailangan sa kaayusan kaya naitatag ang sistema ng pamamahala. May dalawang uri ng pamahalaan na umiiral sa sinaunang panahon sa Pilipinas ang (6) _________ at ________. Ang tawag sa namumuno ng barangay ay (7) ________ (8) _________ naman ang tawag sa namumuno sa isang sultanato. Nakipagkasundo ang mga barangay sa isa't-isa para sa kapayapaan at kalakalan sa pamamagitan ng (9) _____________. Habang ang batas ng sultanato ay batay sa (10) __________ sistema. | |
| 5 | A. Makasusuri sa sosyo-kultural at politikal na pamumuhay ng mga Pilipino<br>B. Makasusulat ng isang sanaysay na nagpapakita ng sosyo-kultural na pamumuhay ng mga Pilipino; at<br>C. Makapagpapahalaga sa sosyo-kultural at politikal na pamumuhay ng mga Pilipino. | Sosyo-Kultural at Pampolitikang Pamumuhay ng mga Sinaunang Pilipino | **TAYAHIN**<br><br>Panuto: Suriin ang mga pahayag. Isulat ang SK kung ito ay tungkol sa sosyo-kultural na pamumuhay ng mga sinaunang Pilipino. Isulat PM kung ito ay tungkol sa pampolitikang pamumuhay ng mga sinaunang Pilipino. Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel.<br>1. Pagsamba sa kalikasan, katulad ng kahoy, ilog, araw, bato, at iba<br>2. Barangay at sultanato ang uri ng pamahalaan na umiiral sa sinaunang panahon sa Pilipinas.<br>3. Ruma Bichara ang tagapayo at katulong ng sultan sa pagpapatupad ng batas.<br>4. Pagpapahalaga sa mga mahal sa buhay na yumao na<br>5. Nagsusuot ng mga palamuti sa katawan<br>6. Naglagay ng mga tattoo sa katawan bilang simbolo ng kagitingan at kagandahan.<br>7. Pakikipagkasundo ng mga barangay sa isa't-isa para sa kapayapaan at kalakalan | Sagutan ang Pagtataya na matatagpuan sa pahina ____. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | 8. Pagkatatag ng pamahalaang Sultanato sa Sulu<br>9. Pagsasagawa ng iba't- ibang ritwal at pagdiriwang<br>10. Ang batas ng Sultanato ay batay sa tatlong sistema. | |

**WEEKLY LEARNING PLAN**

| Quarter | 1 | | Grade Level | 5 |
|---|---|---|---|---|
| Week | 6 | | Learning Area | SCIENCE |
| MELCs | Design a product out of local, recyclable solid and/ or liquid materials in making useful products. S5MT-Ih-i-4 | | | |
| Day | Objectives | Topic/s | Classroom-Based Activities | Home-Based Activities |
| 1 | Describe how people manage their waste through the 5Rs: Reduce, Reuse, Recycle, Repair or Recover | Importance of Practicing the 5Rs | **What's In**<br><br>Directions: Write USEFUL if the material serves a particular purpose or HARMFUL<br>if it brings damage to us or the environment.<br>1. Empty bottles<br>2. Fruit peelings<br>3. Broken glass<br>4. Emptied candy wrappers<br>5. Expired medicines | Answer the Learning Tasks found in SCIENCE 5 SLM.<br><br>Write you answeres on your Notebook/Activity Sheets.<br><br>Learning Task No. 1:<br><br>(This task can be found on page ____) |
| 2 | Describe how people manage their waste through the 5Rs: Reduce, Reuse, Recycle, Repair or Recover | How Can We Manage Our Waste: The 5Rs Technique | **What's In**<br><br>Directions: Write USEFUL if the material serves a particular purpose or HARMFUL<br>if it brings damage to us or the environment.<br>1. Empty bottles<br>2. Fruit peelings<br>3. Broken glass<br>4. Emptied candy wrappers<br>5. Expired medicines | Learning Task No. 2:<br><br>(This task can be found on page ____)<br>File created by DepEdClick |
| 3-5 | Describe how people manage their waste through the 5Rs: Reduce, Reuse, | How Can We Manage Our Waste: The 5Rs Technique | **What is It**<br><br>**Wastes** refer to used or consumed products or materials. A very good example<br>of this is garbage. Garbage emits foul odor and makes us sick.<br>**Waste management** refers to the practice of proper waste disposal. A kind of | Learning Task No. 3:<br><br>(This task can be found on page ____) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
